


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 7:

Layon ay Pakikipagkaibigan sa
Pakikilahok sa mga Patimpalak



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 7: Layon ay Pakikipagkaibigan sa Pakikilahok sa mga
Patimpalak
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rhoda S. Bordallo, Jovylin A. Macawile

Editor: Caridad P. Baginon, Vivien Espinosa, Farrah R. Delfin

Tagasuri: Lita V. Jongco, Colin Dy Tupaz

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr., Lemuel P. Valle Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 – 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 7:
Layon ay Pakikipagkaibigan sa
Pakikilahok sa mga Patimpalak**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ikaw ba ay may kaibigan na napagsasabihan mo ng iyong mga kasiyahan at kalungkutan? Paano kayo naging magkaibigan? Siya ba ay handang tumulong sa iyo kahit walang inaasahang kapalit? Minsan ay may mga nakikilala tayong mga bagong kaibigan sa patimplak o paligsahang ating sinasalihan.

Lahat tayo ay may mga kaibigan. Sila ang mga taong nasasabihan natin ng ating kasiyahan at kalungkutan. Dahil kaibigan natin sila, halos nagkakapareho ang ating interes at paboritong mga bagay.

Madalas nasasabi na ang kaibigan ay isang kayamanang dapat ingatan dahil sila ay mahalaga.

Makikilala ang isang tunay na kaibigan sa mga pagkakataong may problema at kalamidad dahil sila ang mga taong handang tumulong nang walang inaasahang kapalit. Sila ang maituturing na kapamilya.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakikilahok sa mga patimpalak o paligsahan na ang layunin ay pakikipagkaibigan
- Nasasabi ang mga paraan kung paano mapananatili ang isang bagong nabuong pakikipagkaibigan mula sa pagsali sa patimpalak o paligsahan
- Nakapaglalahad kung paano makatutulong ang paggalang sa prinsipyo at interes ng isa't isa sa pananatili ng isang malalim na pagkakaibigan
- Naipakikita ang magandang pakikitungo sa mga nakakasalamuha sa patimpalak o paligsahan sa pamamagitan ng pagpuri at pagbigay ng suporta sa katunggali.



Subukin

Sa mga patlang sa ibaba, isulat ang pangalan ng sampung kaibigan mo. Sa tapat ng bawat pangalan, isulat kung paano mo sila naging kaibigan. Sundin ang halimbawa sa ibaba.

Halimbawa:

Karen – binigyan ko siya ng aking baon

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____



Balikan

I. Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Markahan ng tsek (/) ang bilang na nagpapakita ng paggalang sa kaibigan at ekis (X) kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

- _____ 1. Sinisikap na matulungan ang isang kaibigan na may kapansanan.
- _____ 2. Ginagamit ang *cellphone* ng kaibigan nang hindi nagpapaalam.
- _____ 3. Pumapasok sa kuwarto ng kaibigan ng hindi kumakatok.
- _____ 4. Binabasa ang sulat na para sa kaibigan.
- _____ 5. Iniingatan ang damdamin ng kamag-aral o kaibigan.
- _____ 6. Nagpapahiram ng pambura sa katabing kalahok sa *poster-making-contest*.
- _____ 7. Nakikipag-*groupie* at *selfie* sa ibang kalahok sa *inter-school dance competition*.
- _____ 8. Pinipilit pasayahin ang kaibigang natalo sa *singing contest*.
- _____ 9. Ipinagmamalaki sa ibang kakilala ang kaibigang kasapi sa isang *theatre play*.
- _____ 10. Kinakamayan ang ibang kalahok matapos ang paligsahan.



Tuklasin

Basahin at unawain ang kuwento sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

Ang Matalik na Magkaibigan

Nasaksihan ni Haring Saul kung paano tinalo ni David ang mga sundalo ng Pilistina. Alam ni Haring Saul na mahal ni David ang Diyos. Alam din niya na si David ay matapang.

Si Haring Saul ay may anak na nagngangalang Jonathan. Mahal din ni Jonathan ang Diyos. Gustung-gusto ni Prinsipe Jonathan si David nang buong puso. Mahal niya ito katulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili. Nangako si Jonathan kay David na siya ang kanyang magiging matalik na kaibigan.

Maraming magagandang kagamitan si Jonathan. Ibinigay niya ang ilan sa mga ito kay David. Ibinigay niya kay David ang kanyang pinakamatalas na espada. Ibinigay din niya kay David ang kanyang pana. Kasama sa mga ibinigay niya ang kanyang mamahaling *jacket*. Ito raw ang magpapaalam sa mga tao na si David ay kaibigan ni Jonathan.

“Maraming salamat sa pagbibigay mo sa akin ng iyong mga mamahaling kagamitan,” sambit ni David. “Salamat sa pagiging matalik kong kaibigan.” Si David ay naging isang kagalang-galang na heneral ng Israel. Marami siyang napanalong giyera. Umawit pa nga ang mga Israelita para kay David. “Libo-libo ang napatay ni Haring Saul, ngunit laksa-laksa naman ang kay David.” Ito ay ikinagalit ni Haring Saul. Lubhang sumama ang kanyang loob tungkol dito kaya nama’y sinubukan niyang saktan si David. Tinulungan naman ni Jonathan ang kanyang matalik na kaibigan na si David na makatakas mula sa hari.

Kinuha mula sa Bibliya, Samuel 18

Mga tanong:

1. Sino-sino ang matalik na magkaibigan?

2. Ayon sa kuwento, ano-ano ang katangian ng isang kaibigan?

3. Ginagawa mo rin ba sa iyong matalik na kaibigan ang ginawa ni Jonathan para kay David? Bakit?

4. Paano mo ipinapakita ang iyong pagpapahalaga sa iyong matalik na kaibigan?



Suriin

Alam mo ba na hindi lahat ng nagiging magkaibigan ay nananatili sa habang panahon? Minsan may mga magkakaibigang nagkakagalit dahil sa prinsipyo o pagbabago ng kanilang ugali.

Ang isa sa mga nagiging dahilan ng paghihiwalay ng mga magkakaibigan ay ang kawalan ng paggalang sa isa't-isa kapag ang sari-sariling prinsipyo at katwiran ay hindi kayang tanggapin ng bawat isa.

Ang pagkakaibigan ay nagtatagal kung may pag-uukol ng paggalang sa pamamagitan ng mabuting asal at pananalita.

Ang kaibigan ay nagmamahal sa lahat ng panahon, at sa oras ng kagipitan, sila ay parang kapatid na tumutulong. Ibig sabihin walang pinipiling oras at lugar ang pagiging isang kaibigan. Ang isang kaibigan ay handang tumulong sa lahat ng oras at parang isang pamilya ang turingan ng bawat isa.

At ang tunay na kaibigan ay hindi naghahangad ng kapalit sa kahit anong tulong na naibigay, hindi nagkakalat ng kahinaan ng kanyang kaibigan, nag-iisip ng ikabubuti ng pagkakaibigan, nag-aaral nang mabuti, magalang sa mga magulang, kapatid at kapamilya ng kaibigan, hindi naglululong sa masamang bisyo at maraming pang iba.



Pagyamanin

A. Sagutin ang sumusunod na mga tanong ng **Oo** o **Hindi**. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Iniiwasan mo bang maging kaibigan ang isang bagong kakilala na pangit ang pangalan? _____
2. Binabasa mo ba ang mga *text messages* ng kaibigan mo? _____
3. Pinakikinggan mo ba at iginagalang ang opinyon ng iyong kaibigan ukol sa mga paraan kung paano susundin ang batas ng paglalaro ng kahit anong isport? _____
4. Nasasaktan ka ba kapag pinipintasan ng iba ang iyong matalik na kaibigan? _____
5. Binibigyan mo ba ng pasalubong ang iyong kaibigan kapag galing ka sa malayong lugar? _____

B. Basahin ang sitwasyon sa ibaba at isulat sa isang buong papel ang dapat mong gawin bilang isang mabuting kaibigan.

1. Kakaiba ang bigkas ng iyong bagong kaibigan sa wikang Filipino dahil iba ang kinagisnan niyang lenggwahe kaya madalas siyang pinagtatawanan ng iba. Subalit hindi niya ito pinapansin. Sa halip, siya ay punong-puno ng pagtitiwala sa sarili. Kaya ng malaman niya na ikaw ang lider ng isang pangkat na sasali sa paligsahan sa pagdula-dulaan, pinakiusapan ka niyang isali mo siya sa iyong grupo.



Isaisip

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Isulat sa loob ng kahon ang numero ng sitwasyon na nagpapakita ng paggalang sa magkakaibigan.

1. Tinutukso ang kaibigan mong hindi naibili ng kanyang mga magulang ng paborito niyang sapatos.
2. Hinihintay ang kaibigang seryosong naghahanda ng kanilang laban sa *Quiz Bee*.
3. Kusang-loob na tinuturuan ang kaibigan kahit na may mga pagkakataon na nahihirapan ka na dahil may iba pang gawaing kailangang tapusin.
4. Pinaghahambing mo ang laro ng dalawang pangkat upang malaman kung paano tatalunin ng grupo ng kaibigan mo ang katunggali sa oras ng paglalaban nila sa *championship*.
5. Ibinabahagi mo sa iyong kaibigan ang mga aklat ukol sa isports na pareho ninyong paboritong nilalaro.
6. Hindi mo pinahiram ng *reviewer* ang kaibigan mo dahil pareho kayong sasali sa Paligsahan sa Matematika.
7. Isinama mo sa blow-out ang iyong kaibigan dahil nanalo ang pangkat ninyo ng unang gantimpala sa *jazz chants competition* at siya ay pangalawa lamang.



Tayahin

I. Markahan ng tsek (/) ang patlang kung ang pangungusap na nakasaad ay nagpapakita ng pagiging palakaibigan sa isang patimpalak o paligsahang sinalihan at (X) kung hindi.

- _____ 1. Nilalapitan at kinakausap ko ang ibang kalahok sa isang paligsahan kahit na sila ay mga katunggali ko.
- _____ 2. Iginagalang ko ang anumang hatol ng hurado kapag may paligsahan.
- _____ 3. Ngumingiti ako sa ibang kalahok ng paligsahan kahit hindi ko sila kakilala.
- _____ 4. Pinapalalpakan ko ang ibang kalahok na kasali sa patimpalak matapos silang magtanghal.
- _____ 5. Nakikipag-*chat* ako sa mga naging kakilala ko sa isang paligsahan upang mapalapit kami sa isa't isa,
- _____ 6. Binabati ko ang mga nanalong kalahok sa patimpalak kahit ako ay natalo.
- _____ 7. Pinapahiram ko ang ibang kalahok ng aking gamit kung ito ay kailangan nila.
- _____ 8. Nakikipagkamay ako sa mga nanalo sa paligsahang aking sinalihan.
- _____ 9. Tinatapos ko ang programa ng paligsahan kahit ako ay natalo.
- _____ 10. Niyayaya kong kumain ng *snacks* ang ibang kasali ng paligsahan o palaro upang mas makilala ang isa't isa.



Karagdagang Gawain

Basahin at intindihin ang *memory verse* sa ibaba. Sa iyong palagay, ano ang ibig sabihin nito? Isulat ang iyong sagot sa bakanteng espasyo sa ibaba.

Kawikaan 17:17

Ang kaibigan ay nagmamahal sa lahat ng panahon, at sa oras ng kagipita'y kapatid na tumutulong.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. I. x 2. / 3. / 4. / 5. / 6. / 7. / 8. / 9. / 10. /</p> <p>Karagdagang</p> <p>Gawain</p> <p>Maaaring magkaiiba-iba ang sagot.</p>	<p>Isagawa</p> <p>(Maaaring magkaiiba-iba ang sagot)</p>	<p>Isaisip</p> <p>2, 3, 5, 7, 10</p>
<p>Pagymanin</p> <p>A. Hindi 2. Hindi 3. Oo 4. Oo 5. Oo B. (Maaaring magkaiiba-iba ang sagot)</p>	<p>Surtin</p> <p>A. Ang Matalik na Magkaiibigan B. Haring Saul, David at Jonathan. Sina David at Jonathan ang matalik na magkaiibigan. C. Mapagbigay, matulungin D. (Maaaring magkaiiba-iba ang sagot) E. (Maaaring magkaiiba-iba ang sagot)</p>	<p>Subukin</p> <p>Maaaring magkaiiba-iba ang sagot.</p> <p>1. / 2. x 3. / 4. / 5. / 6. / 7. x 8. / 9. / 10. /</p> <p>Balikan</p>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph